

T: Ano ang TUNAY NA ID?

Naipasa ng Kongreso noong 2005, ipinatupad ang TUNAY NA ID na Batas ang rekomendasyon ng 9/11 Komisyon na ang Pamahalaang Pederal ay "magtakda ng mga pamantayan para sa pag-isyu ng mga mapagkukunan ng pagkakakilanlan, tulad ng mga lisensya sa pagmamaneho." Ang Batas ay nagtatag ng pinakamababa na pamantayan sa seguridad para sa mga lisensya sa pagmamaneho at mga kard ng pagkakakilanlan at ipinagbabawal ang mga ahensya ng Pederal na tanggapin ang mga opisyal na lisensya at mga kard ng pagkakakilanlan mula sa mga estado na hindi nakakatugon sa mga pamantayang ito. Ang mga layuning ito ay:

- Pag-akses sa mga pasilidad ng Pederal
- Pagsakay sa may regulasyong pederal na komersyal na eroplano
- Pag-akses sa mga nukleyar na planta ng kuryente

T: Kailan ipatutupad ang TUNAY NA ID?

Ang panghulihang palugit ng pagpapatupad ay Oktubre 1, 2021. Sa petsang ito, hindi lamang dapat lahat na mga estado ay mag-isyu ng mga nakakatugon sa TUNAY NA ID na mga lisensya o mga ID, subali't ang mga indibidwal ay dapat rin na bumisita sa ahensya ng paglilisensya sa pagmamaneho ng kanilang estado at kumuha ng nakakatugon na TUNAY NA ID na kard, o alternatibong katanggap-tanggap tulad ng isang pasaporte ng U.S. , kung nais nilang lumipad sa mga komersyal na eroplano o maka-akses sa mga pasilidad ng pederal.

T: Ano ang mangyayari sa Oktubre 1, 2021?

Ang mga pederal na ahensya, kabilang ang DHS at TSA, ay maaaring tumanggap lamang ng mga lisensya sa pagmamaneho at mga kard ng pagkakakilanlan bilang pagkilala para sa mga layunin ng pag-akses sa mga pasilidad ng pederal - kabilang ang mga checkpoint ng seguridad ng TSA - kung ang lisensya o kard ay inisyu ng isang estado na nakakatugon na ID na naaayon sa mga pamantayan sa seguridad ng TUNAY na ID (nangangahulugang ang lisensya o kard ay dapat isama ang nakakatugon na TUNAY NA ID na may marka ng bituin). Ang Enhanced Driver's Licenses (EDL) na inisyu ng Washington, Michigan, Minnesota, New York, at Vermont ay itinuturing na katanggap-tanggap na mga alternatibo para sa mga TUNAY NA ID na nakakatugon na mga kard at tatanggapin din

para sa opisyal na TUNAY NA ID na layunin. Karamihan sa mga EDL ay hindi naglalaman ng pagmamarka ng bituin at ito ay katanggap-tanggap.

T: Lahat ba ng estado ay nag-iisyu ng mga nakakatugon na TUNAY NA ID na mga kard?

Ang DHS ay masinsinang nakikipag-ugnayan sa mga estado at teritoryo upang magbigay ng tulong at gabay para makamit ang buong pagtugon sa Oktubre 1, 2021 na huling palugit. Sa ngayong Setyembre 5, 2019, 50 na mga estado at teritoryo ay ang ganap na sumusunod sa mga kinakailangan sa TUNAY na ID, at ang lahat ng mga estado ay sinusubaybayan upang magsimulang mag-isyu ng mga nakatugon na lisensya at ID sa Oktubre 1, 2021 na huling palugit.

T: Paano ako makakakuha ng isang TUNAY NA ID?

Bisitahin ang website ng ahensya sa paglilisensya ng iyong estado upang malaman kung ano ang eksaktong kinakailangang dokumentasyon upang makakuha ng isang TUNAY na ID. Kahit man lang, ikaw ay dapat magbigay ng dokumentasyon na nagpapakita ng: 1) Legal na Buong Pangalan ; 2) Petsa ng Kapanganakan; 3) Numero ng Social Security; 4) Dalawang Patunay ng Pangunahing Tirahan; at 5) Katayuang Naaayon sa Batas.

Ang mga estado ay maaaring magpataw ng mga karagdagang mga kinakailangan, kaya suriin ang website ng ahensya ng lisensya sa pagmamaneho ng iyong estado, bago bisitahin ang mga ito nang personal, para sa karagdagang gabay at tulong.

T: Paano ko malalaman kung ang aking lisensya o kard ng pagkakakilanlan ay nakakatugon na TUNAY na ID?

Mga nakaktugon na mga TUNAY NA ID kard ay magkakaroon ng isa sa mga sumusunod na mga marka sa kanang itaas na bahagi ng kard. Kung ang kard ay walang isa sa mga markang ito, hindi ito nakakatugon na TUNAY na ID at hindi tatanggapin bilang patunay ng pagkakakilanlan upang makasakay sa komersyal na eroplano.



Mga halimbawa ng TUNAY NA ID:

SC USA **South Carolina** DRIVER'S LICENSE 



07/04/1970

4d **DL#: 123456789**

1 **SAMPLE**

2 **JANE MARIA**

8 **123 MAIN STREET
ANYTOWN, SC 123451111**

3 **DOB: 07/04/1970**

4a **Issued: 10/01/2017**

4b **Expires: 07/04/2025**

15 **Sex: F** 16 **Hgt: 5'-09"**

17 **Wgt: 130 lb** 18 **Eyes: BRO**


9 **Class: D** 9a **End: NONE**


12 **Restrictions: A**



Laura
Governor

5 DD 0100010602224403054

DISTRICT OF COLUMBIA DRIVER LICENSE  USA



1234567 02211984

4d.DLN **1234567** 4b.EXP **02/21/2021**


1.FAMILY NAME **SAMPLECARD**

2.GIVEN NAMES **THOMAS
ALEXANDER**

8.ADDRESS **1234 COMMODORE JOSHUA BARNEY DRIVE, NE
#1234
WASHINGTON, DC 00000-0000**

15.SEX **M** 16.HGT **6-04** 17.WGT **200** 18.EYES **BRO** 3.DOB **02/21/1984**


9.CLASS **D** 4a.ISS **12/03/2013**

9a.ENDORSEMENTS **NONE**  **DONOR
VETERAN**


12.RESTRICTIONS **1**

5.DD **12348757475974**

Thomas Samplecard

Rhode Island  **DRIVER LICENSE**

USA



SAMPLE


3 DOB **10/27/1957** 4d LIC # **3123456**
 4b EXP **10/27/2021** 4a ISS **07/18/2016**


1 **SAMPLE**
 2 **NICK**

8 **123 MAIN STREET**
ANYTOWN, RI 12345-1234


9 CLASS **10**
 9a END **NONE**
 12 RESTR **NONE**

15 SEX **M** 18 EYES **BRO**
 16 HGT **5'-10"** 17 WGT **175 lb** 19 HAIR **WHI**


5 DD **1234567890123456789012345**  **VETERAN**



Nick Sample

NEW YORK STATE  **DRIVER LICENSE**

USA



Michael Matthew Motorist


Class **D**

MOTORIST
MICHAEL, MATTHEW
2345 ANYWHERE STREET
YOUR CITY, NY 12345





Sex **M** Height **5'-08"** Eyes **BRO**
 DOB **10/30/1972**
 Expires **10/30/2025**

E **NONE**
 R **NONE**

Issued **10/30/2017**



EXCELSIOR




 **Organ Donor**

OCT 72



T: Kailan ko kailangang baguhin kung paano ako maglakbay sa loob ng bansa?

Simula Oktubre 1, 2021, ang bawat residente ng estado at teritoryo ay kailangang magpakita ng nakakatugon na TUNAY NA ID na lisensya / ID, o ibang uri na katanggap-tanggap ng pagkakakilanlan, para maka-akses sa mga pasilidad ng Pederal, pag-akses ng mga nukleyar na planta sa kuryente, at pagsakay sa komersyal na eroplano. Ang kard, mismo, ay dapat nakakatugon na TUNAY na ID maliban kung ang residente ay gumagamit ng isang alternatibong katanggap-tanggap na dokumento tulad ng isang pasaporte o kard ng pasaporte, o inisyu sa –estado na Enhanced Driver’s License. Hindi iniaatas ng Batas ang mga indibidwal na magpakita ng pagkakakilanlan kung saan hindi kasalukuyang kinakailangan na mag-akses sa isang pasilidad ng Pederal (tulad ng pagpasok sa mga pampublikong lugar ng Smithsonian) at hindi rin ipinagbabawal ang isang ahensya na tanggapin ang iba pang mga uri ng mga dokumento ng pagkakakilanlan (tulad ng pasaporte sa U.S. o kard ng pasaporte).

T: Ang mga menor de-edad ba ay kailangang magkaroon ng mga lisensya sa pagmamaneho / pagkakakilanlan na kard upang makalipad sa loob ng bansa?

Hindi. Ang TSA ay hindi nangangailangan na ang mga bata na wala pang 18 taong gulang na magbigay ng pagkakakilanlan kapag naglalakbay na may kasama sa loob ng Estados Unidos. Mangangailangan ang kasama ng katanggap-tanggap na pagkakakilanlan.

T: Ano ang mangyayari sa mga manlalakbay na sumulpot na walang nakakautgon na lisensya? Tatalikuran ba sila ng TSA?

Ang mga manlalakbay na hindi nagpapakita ng nakakatugon na TUNAY na ID na lisensya o katanggap-tanggap na alternatibo simula Oktubre 1, 2021 ay hindi pinahihintulutan sa pamamagitan ng seguridad na checkpoint.

T: Ang pasaporte lang ba ang aking tanging opsyon?

Hindi. Tumatanggap ang TSA ng maraming iba pang mga uri ng mga dokumento ng pagkakakilanlan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga katanggap-tanggap na mga uri ng pagkilala para sa pagsakay ng eroplano, mangyaring bisitahin ang website ng TSA sa <https://www.tsa.gov/travel/security-screening/identification>.

Simula Oktubre 1, 2021, ang bawat residente ng estado at teritoryo ay kailangang magpakita ng nakakatugon na TUNAY NA ID na lisensya/ ID, o ibang katanggap-tanggap na uri ng pagkakakilanlan, para sa pag-akses sa mga pasilidad ng Pederal, pag-akses ng mga nukleyar na planta sa kuryente, at pagsakay sa komersyal na eroplano. Ang kard, mismo, ay dapat na nakakatugon na TUNAY na ID maliban kung ang residente ay gumagamit ng isang alternatibong katanggap-tanggap na dokumento tulad ng isang pasaporte. Hindi iniaatas ng Batas ang mga indibidwal na magpakita ng pagkakakilanlan kung saan hindi kasalukuyang kinakailangan na mag-akses sa isang pasilidad ng Pederal (tulad ng pagpasok sa mga pampublikong lugar ng Smithsonian) at hindi rin ipinagbabawal ang isang ahensya na tanggapin ang iba pang mga uri ng mga dokumento ng pagkakakilanlan (tulad ng pasaporte sa U.S. o kard ng pasaporte).

T: Maaari ko bang gamitin ang aking TUNAY NA ID kard upang tumawid sa hangganan patungo sa Canada at Mexico at para sa pang-internasyonal na paglalakbay?

Hindi. Ang mga TUNAY NA ID na kard ay hindi maaaring magamit para sa mga hangganan upang makatawid sa Canada, Mexico o iba pa na pang-internasyonal na paglalakbay.

T: Maaari ko bang gamitin ang aking TUNAY NA ID para sa paglalakbay sa dagat (paglalayag)?

Hindi. Ang mga TUNAY NA ID na kard ay hindi maaaring magamit para sa pang-internasyonal na paglalakbay na paglalayag sa dagat.

T: Kailangan ko ba ng pasaporte kung mayroon akong TUNAY NA ID?

Kung ikaw ay naglalakbay sa buong mundo kakailanganin mo pa rin ang iyong pasaporte. Kung ikaw ay naglalakbay sa loob ng bansa, kakailanganin mo lamang ang isang balidong uri ng pagkilala - alinman sa iyong TUNAY NA ID o isa pang katanggap-tanggap na alternatibo tulad ng pasaporte, hindi ang dalawa.

T: Anong uring mga lisensya na inisyu ng estado at mga kard ng pagkakakilanlan ang tinatanggap ng Departamento ng Homeland Security bilang pagkakakilanlan upang ma-akses ang mga gusali at pasilidad nito at sa mga checkpoint ng seguridad ng TSA?

Hanggang sa buong maipatupad ang TUNAY NA ID na magsisimula sa Oktubre 1, 2021, ang DHS at ang mga kasamahang ahensya nito, kasama ang TSA sa mga checkpoint ng seguridad sa paliparan nito, ay patuloy na tatanggapin para sa mga layunin ng pagkakakilanlan ang lahat na mga inisyu sa estado na mga lisensya sa pagmamaneho at pagkakakilanlan na mga kard na inisyu ng mga sumusunod na estado, pati na rin ang di sumunod na mga estado na may balidong ekstensiyon.

T: Tatanggapin ba ng ahensya ng pederal ang aking Enhanced Driver's License?

Oo. Ang inisyu sa Estado na mga Enhanced Driver's Licenses (EDLs) ay itinalaga bilang katanggap-tanggap na pangtawid sa hangganan na mga dokumento batay ng DHS sa ilalim ng Western Hemisphere Travel Initiative at tinatanggap na mga alternatibo para sa opisyal na pederal na layunin tulad ng pagpasok sa pasilidad ng Pederal o pagsakay ng komersyal na eroplano. Ang mga patakaran ng indibidwal na ahensya ay pwede pa rin mailapat.

Ang Michigan, Minnesota, New York, Vermont, at Washington ay ang mga estado lamang na kasalukuyang nag-iisyu ng mga EDL. Para sa karagdagang impormasyon sa mga EDL, mangyaring pumunta sa <https://www.dhs.gov/enhanced-drivers-licenses-what-are-they>.

T: Paano naman ang mga hindi-DHS na pederal na entidad? Ano ang mga uring mga lisensya at mga kard ng pagkakakilanlan ang tatanggapin nila para sa pag-akses na mga layunin?

Ang mga ahensya ng pederal ay may awtoridad na magtakda ng kanilang sariling pinakababa na mga kinakailangan sa pag-akses sa seguridad at, kung ninanais, magpasya na huwag tanggapin ang hindi sumusunod na mga kard bago ang Oktubre 1, 2021 na huling palugit.

Halimbawa, ang Departamento ng Depensa ng Estados Unidos (DoD) kamakailan ay nagtapos ng panibagong Dod- na malawakang instalasyon ng seguridad na patakaraan nito at nasa proseso na hindi na tumatanggap ng mga namarkahang mga kard na hindi sumunod sa lahat ng mga pasilidad at instalasyon nito. Gayunpaman, patuloy na tatanggapin ng DoD ang mga kard na inisyu ng estado na hindi sumunod na walang markang "legado" na kard hanggang sa Oktubre 1, 2021 na huling palugit.

Upang matiyak na mayroon kang tamang pagkakakilanlan, inirerekumenda ng DHS na makipag-ugnay sa ahensya ng pederal na plano mong bisitahin nang maaga, upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa pagkakakilanlan.

Bilang paalala, ang TUNAY NA ID na Batas ay nalalapat kung ang isang indibidwal ay nagbigay ng lisensya na inisyu ng estado sa pagmamaneho o kard ng pagkakakilanlan sa pederal na ahensya para pang"opisyal na layunin" na tinukoy sa Batas at mga regulasyon, tulad ng pagsakay sa may pederal na regulasyon na komersyal na eroplano Bagaman ang isang TUNAY na ID na kard ay maaaring hindi kinakailangan para sa iba pang mga layunin tulad ng pagmamaneho, pagboto, pagbabangko, o pag-aplay para sa mga benepisyo o trabaho, inirerekumenda namin na magsiyasat sa may kinalamang mga estado, lokal, o komersyal na mga entidad patungkol sa kanilang mga partikular na mga kinakailangan sa pagkakakilanlan.

T: Sinusubukan ba ng DHS na bumuo ng isang nasyonal na database kasama ang lahat ng aming impormasyon?

Hindi. Ang TUNAY NA ID ay isang nasyonal na hanay ng mga pamantayan, hindi isang nasyonal na kard ng pagkakakilanlan. Ang TUNAY NA ID ay hindi lumilikha ng isang pederal na database ng impormasyon ng lisensya sa pagmamaneho. Ang bawat hurisdiksiyon ay patuloy na nag-iisyu ng sariling nitong natatanging lisensya, nagpapanatili ng sarili nitong mga rekord, at kinokontrol kung sino ang makakuha ng akses sa mga rekord na iyon at sa ilalim ng kung anomang mga kalagayan. Ang layunin ng TUNAY NA ID ay gawing mas naaalinsunod at nakasiguro ang ating dokumento ng pagkakakilanlan.

T: Paano nakakaapekto and pagpapatupad ng TUNAY NA ID sa mga estado na nagbibigay ng lisensya sa pagmamaneho at mga ID sa ilang mga di-mamayanan/walang dokumento na mga imigrante?

Ang TUNAY NA ID ay nagpapahintulot sa mga sumusunod na estado na mag-isyu ng mga lisensya sa pagmamaneho at mga kard ng pagkakakilanlan kung saan ang pagkakakilanlan ng aplikante ay hindi masigurado o para kaninuman na naaayon sa batas na di matukoy. Sa katunayan ang mga estado ay kasalukuyang nag-iisyu ng mga hindi nakatugon na kard sa mga indibidwal na walang dokumento. Ang mga di-nakakatugon na kard ay dapat na malinaw na ipinahayag sa kanilang mukha (at sa nababasang pook ng makina) na hindi sila katanggap-tanggap para sa mga layunin ng TUNAY na ID at dapat gumamit ng isang natatanging disenyo o kulay upang makilala ang mga ito mula sa mga nakakatugon na kard. Ang DHS ay nag-iingat laban sa pag-aakalang ang pagkakaroon ng isang hindi nakakatugon na kard ay nagpapahiwatig na ang may-hawak ay isang hindi naka-dokumentong indibidwal, pinagpalagay na ang mga indibidwal ay maaaring makakuha ng mga hindi nakakatugon na kard para sa maraming kadahilanan na walang kaugnayan sa pag-ayon sa batas. Ang pagtataglay ng isang hindi nakakatugon na kard ay hindi nagpapahiwatig na ang may-hawak ay isang indibidwal na hindi naka-dokumentong, na ipinigplagay na ang mga indibidwal ay maaaring makakuha ng mga hindi nakakatugon na kard para sa maraming kadahilanan na walang kaugnayan sa pag-ayon sa batas.

Ang TUNAY NA ID na Batas ay nagpapahintulot sa mga estado na mag-isyu ng pansamantalang (i.e., limitadong termino), TUNAY NA ID na nakatugon na mga lisensya sa pagmamaneho at mga kard sa mga aplikante na nagbibigay ng balido, dokumentaryo na ebidensya na mayroon silang "naaprubahan na ipinagpaliban na katayuan sa pagkilos." [Sek. 202 (c) (2) (B) (viii)] Sa ilalim ng regulasyon ng TUNAY NA ID, ang mga aplikante na may aprubadong ipinagpaliban na aksyon na humahawak ng balidong Employment Authorization Documents (EADs) at Social Security Numbers (SSNs) ay maaaring maging kwalipikado na makatanggap ng pansamantalang TUNAY NA ID na mga lisensya sa pagmamaneho at ID na kard. Ang Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) na Programa ay ginawang pamantayan at pinabilis ang proseso para sa pagkuha ng mga suportadong dokumento ng pagkakakilanlan para sa mga indibidwal na may Ipinagpalibang Aksyon na naghahanap ng mga TUNAY NA ID. Ang mga indibidwal na may naaprubahang Ipinagpalibang Aksyon, mga balidong EAD at balidong mga SSN ay maaaring magpatuloy na humawak ng pansamantalang (limitadong termino) TUNAY NA

ID hanggang sa magwakas ang bisa nito. Sa anumang kaso, ang mga estado ng nakakatugon sa TUNAY NA ID ay maaaring magpatuloy na mag-isyu ng mga hindi nakakatugon na mga lisensya at mga ID sa mga indibidwal na mayroon o walang legal na katayuan, kabilang ang Ipinagpalibang Aksyon, tulad ng tinukoy sa ilalim ng TUNAY NA ID na Batas.

T: Maaari bang makakuha ng isang taong nabigyan ng Temporary Protected Status (TPS) makakuha ng nakatugon na TUNAY NA ID na lisensya / ID? Gaano katagal ito magiging balido?

Oo, ang isang benepisyaryo ng TPS ay maaaring makakuha ng nakakatugon na TUNAY NA ID o kard ng pagkakakilanlan. Ang Kalihim ng Homeland Security ay maaaring magtalaga ng isang banyagang bansa para sa TPS dahil sa mga kondisyon sa bansa na pansamantalang pinipigilan ang mga mamamayan ng bansa na bumalik ng ligtas, o sa ilang mga pangyayari, kung saan ang bansa ay hindi makayanan ang pagbabalik ng mga mamamayan nito nang tama. Maaaring bigyan ng USCIS ang TPS sa mga karapat-dapat na mga mamamayan ng ilang mga itinalagang bansa (o mga bahagi ng mga bansa), na nasa Estados Unidos na. Ang mga karapat-dapat na indibidwal na walang nasyonalidad na huling nakatira sa itinalagang bansa ay maaari ding bigyan ng TPS.

Ang kapanuhanan ng pagkabalido ng lisensya o ID na kard ay pangkalahatang nakadepende sa haba ng bisa ng TPS. Kapag ang DHS ay magtalaga o pahabain ang katayuan ng TPS para sa isang bansa, magagawa ito sa loob ng 6 na buwan o mas mahaba sa pamamagitan ng Paunawa ng Pederal na Rehistro. Ang katayuan ng benepisyaryo ng TPS ay nakatali sa isang bansang itinalaga para sa TPS. Alinsunod sa Seksyon 202 (c) (2) (C) (ii) ng TUNAY NA ID na Batas ng 2005, isang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho o pansamantalang kard ng pagkakakilanlan na inisyu sa mga indibidwal na may nakabinbin o naaprubahan na aplikasyon para sa TPS "ay magiging balido lamang sa katapusan ng panahon na nabigyan ng aplikante ng awtorisadong manatili sa Estados Unidos o, kung walang tiyak na katapusan sa kanapanahunan na awtorisadong manatili, sa periyod ng isang taon"

Para sa mga layunin ng pagtatasa ng pagsunod sa TUNAY NA ID na Batas, mangyaring tandaan na walang tiyak na pagtatapos sa panahon ng awtorisadong pamamalagi para sa mga benepisyaryo ng TPS na nagbibigay ng isang Form I-766, Employment Authorization Document (EAD) na naglalaman ng isang Category Code ng A- 12 o C-19 at isang "Card Expires" na petsa mula sa listahan sa ibaba.

- 07/05/2016
- 07/22/2017
- 11/02/2017
- 01/05/2018
- 01/22/2018
- 03/09/2018
- 06/24/2018
- 07/05/2018
- 11/02/2018
- 01/05/2019
- 04/02/2019
- 06/24/2019
- 07/22/2019
- 09/09/2019
- 01/02/2020
- 01/05/2020
- 03/24/2020

Ang isang EAD na nakakatugon sa paglalarawan sa itaas ay balidong dokumentaryong ebidensya ng TPS na hinihiling ng TUNAY NA ID na Batas ng 2005, Seksyon 202 (c) (2) (B) (vii) at katanggap-tanggap para sa mga layunin ng TUNAY NA ID. Bagaman ang tugon mula sa sistematikong Alien Verification for Entitlements (SAVE) na programa na nagpapatunay sa katayuan ng imigrasyon ay nagbibigay ng isang pagtatapos ng pagtalaga para sa TPS, ang mga indibidwal na mga ito ay walang tiyak na pagtatapos sa panahon ng awtorisadong pananatili. Alinsunod sa Seksyon 202 (c) (2) (C) (ii) ng TUNAY NA ID na Batas ng 2005, isang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho o pansamantalang kard ng pagkakakilanlan na inisyu sa mga indibidwal na may nakabinbin o naaprubahan na aplikasyon para sa TPS "ay magiging balido lamang sa katapusan ng panahon na nabigyan ng aplikante ng awtorisadong manatili sa Estados Unidos o, kung walang tiyak na katapusan sa kanapanahunan na awtorisadong manatili, sa periyod ng isang taon"

Pag-isyu ng mga TUNAY NA ID na Sumusunod na Dokumento sa mga Mamamayan ng Malayang Kaakibat na Estado

Noong Disyembre 17, 2018, nilagdaan ni Pangulong Trump ang Pagbabago sa TUNAY NA ID na Batas para sa Malayang Kaakibat na Estado na Batas, Publikong Batas 115-323. Iniaatas ng Batas na ito ang TUNAY NA ID na Batas ng 2005 na pahintulutan ang mga estado na mag-isyu ng buong-panahong TUNAY NA ID na sumusunod sa mga lisensya sa pagmamaneho at mga kard ng pagkakakilanlan sa mga mamamayan ng Pederal na Estado ng Micronesia, ang Republika ng Palau, at ang Republika ng Marshall Islands (sama-sama na kilala bilang ang Freely Associated States, o FAS) na tinanggap sa Estados Unidos bilang mga hindi imigrante alinsunod sa isang Compact of Free Association at na nakakatugon sa mga pagkakakilanlan ng pagkakakilanlan ng TUNAY NA ID na Batas.

T: Ano ang ginagawa ng batas? Ang mga mamamayan ng mga bansang ito ay hindi mga imigrante at inisyuhan lamang ng pansamantalang / limitadong termino na lisensya sa nakaraan.

Ang Pagbabago sa TUNAY NA ID na Batas para sa Malayang Kaakibat na Estado na Batas ay nag-amyenda sa TUNAY NA ID na Batas upang paghiwalayin ang mga mamamayan ng Malayang Kaakibat na Estado na Batas mula sa mga kategorya ng mga hindi mamamayan ng U.S. na karapat-dapat lamang na makatanggap ng pansamantalang (limitadong termino) TUNAY NA ID-sumusunod na lisensya sa pagmamaneho o ang pagkakakilanlan na kard na may balidong periyod na hindi hihigit sa panahon ng awtorisadong pananatili sa Estados Unidos, o kung walang tiyak na pagtatapos sa panahon ng awtorisadong pananatili, isang taon. Sa pagbabagong ito, ang mga mamamayan ng Malayang Kaakibat na Estado na naghaharap ng katibayan ng pagkakakilanlan at katayuan sa batas sa ilalim ng TUNAY NA ID na Batas at ang pagpapatupad ng mga regulasyon ay dapat na ngayong makatanggap ng isang buong-termino na lisensya sa pagmamaneho og pagkakakilanlan na kard, sa halip na pansamanta lang.

T: Anong pagkakakilanlan at mga legal na dokumento ng katayuan na kinakailangang ipakita ng mga mamamayan ng FAS upang makakuha ng nakakatugon na TUNAY NA ID na lisensya?

Ang DHS kamakailan ay nagtalaga ng di-nawalan ng bisa na dayuhang pasaporte na naaprubahang I-94, na may balidong bisa na hindi na kinakailangan, na nadokumento sa pinakahuling pagpasok ng aplikante sa Estados Unidos sa ilalim ng isang Compact, bilang katanggap-tanggap na mga dokumenton ng FAS na mamamayan ay maaaring ipresenta upang magtatag ng pagkakakilanlan. Ang mga mamamayan ng FAS ay maaari ring magbigay ng isa sa iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan na nakalista sa mga regulasyon, kabilang ang di-nawalan ng bisa na dayuhang pasaporte, na may balidong, di-nagwakas na bisa (kung naaangkop), at naaprubahang I-94, di-nawalan ng bisa na dokumentong pahintulot sa pagtatrabaho, o dati nang inisyu na TUNAY NA ID na nakakatugon na lisensya sa pagmamaneho o kard ng pagkakakilanlan (kung saan, isang balidong pasaporte at I-94 ay katanggap-tanggap na katibayan ng katayuan na naaayon sa batas). Sa lahat ng mga kaso, ang dokumentasyon na ipinakita para sa patunay ng pagkakakilanlan at katayuang naaayon sa batas ay dapat mapatunayan sa pamamagitan ng Systematic Alien Verification for Entitlements (SAVE).

T: Paano kung ipinahayag ng isang aplikante na siya ay nasa Estados Unidos nang ilang taon at walang isang balidong pasaporte?

Ang mga mamamayang Malayang Kaakibat ng Estado na pumapasok sa Estados Unidos nang legal nang taong lumipas na ay maaaring mayroonng mga pasaporte na wala ng bisa. Para ma-isyuhan ng dokumento na nakakatugon na TUNAY na ID, ay kakailanganin nilang panibaguhin ang kanilang mga pasaporte o magpresenta ng isa pang katanggap-tanggap na dokumento ng pagkakakilanlan, tulad ng di-nawalan ng bisa na EAD.

T: Ano ang magiging periyod ng pagbibigay-bisa para sa nakakatugon na TUNAY na ID na lisensya sa pagmamaneho o kard ng pagkakakilanlan na inisyu sa mga mamamayan ng Malayang Kaakibat ng Estado na nagbigay ng kinakailangang pagkakakilanlan at mga dokumento ng katayuang naaayon sa batas? Magkaiba ba ang hitsura ng mga dokumentong ito mula sa mga dokumento na inisyu sa isang mamamayan sa Estados Unidos?

Ang naaangkop na periyod na pagbibigay-bisa ng lisensya sa pagmamaneho o pagkakalinlan na kard ay magiging kaayon ng regular na tagal ng pagkawalang-bisa ng estado para sa buong-termino ng TUNAY NA ID na nakakatugon na mga dokumento at taglay ang parehong pagsunod na mga marka nang walang anumang karagdagang wika.

T: Ang iba bang mga klase ng mga hindi imigrante ay karapat-dapat na magpakita ng balidong pasaporte at I-94 para sa patunay ng pagkakakilanlan at katayuan na naaayon sa batas at bibigyan ng isang nakakatugon na TUNAY NA ID na dokumento?

Ang pagtatalaga ng di-nawalang ng bisa na pasaporte na naaprubahan I-94 bilang katanggap-tanggap na dokumento ng pagkakalinlan ay magagamit lamang sa mga mamamayan ng Malayang Kaakibat na Estado na tinanggap sa ilalim ng mga Compacts. Ang pagtatalaga na ito ay hindi nagbabago ng kinakailangan para sa iba pang mga klase ng mga di-imigrante upang magpresenta ng isang balidong di-nawalan ng bisa na pasaporte, di-nagwakas na bisa, at I-94; o isang EAD bilang katibayan ng pagkakakilanlan at katayuan naaayon sa batas. Sa lahat ng mga kaso, ang dokumentasyon na ipinakita para sa patunay ng pagkakakilanlan at katayuan naaayon sa batas ay dapat mapatunayan sa pamamagitan ng Systematic Alien Verification for Entitlements (SAVE).

T: Ang iba bang mga kategorya ng mga hindi mamamayan ng U.S. na siyang karapat-dapat lamang na makatanggap ng isang pansamantala (limitadong termino) na nakakatugon na TUNAY NA ID na dokumento ay karapat-dapat para sa isang regular na buong termino na nakakatugon na TUNAY NA ID na dokumento?

Ang Pagbabago sa TUNAY NA ID para sa Malayang Kaakibat na Estado ay nalalapat lamang sa mga mamamayan ng Malayang Kaakibat na Estado at nagbibigay-daan sa kanila na makatanggap ng mga buong lisensya na TUNAY NA ID. Ang iba pang mga kategorya ng mga hindi mamamayan ng Estados Unidos sa isang "pansamantalang katayuan na naayon sa batas" bilang tinukoy sa mga regulasyon ng TUNAY NA ID ay mananatiling karapat-dapat para sa pansamantalang (limitadong termino) TUNAY na ID na nakakatugon na lisensya sa pagmamaneho o kard ng pagkakakilanlan na may balidong periyod na hindi hihigit sa panahon ng awtorisadong pananatili sa Estados Unidos, o kung walang tiyak na pagtatapos sa panahon ng awtorisadong pananatili, isang taon. Ang mga kategoryang ito ng mga indibidwal sa isang "pansamantalang katayuan na naaayon sa batas" tulad ng tinukoy sa mga TUNAY NA ID na regulasyon ay kasama sa isang taong di-imigrante; na may nakabinbing aplikasyon para sa asilo; ay may nakabinbin o naaprubahan na aplikasyon para sa pansamantalang katayuan na protektado; naaprubahan ang ipinagpaliban na aksyon; o may nakabinbing aplikasyon

para sa legal na permanenteng residente o kondisyonal na permanenteng residenteng katayuan.

T. Kailangan ba ng TUNAY NA ID na Batas na ang isang aplikante na nagsusuot ng isang takip sa ulo para sa relihiyosong mga kadahilanan para baguhin o tanggalin ang takip ng ulo upang ang ang lisensya sa pagmamaneho o ang litrato ng pagkakakilanlan na kard ay nagpapakita ng kanilang buhok o mga tainga?

Hindi. Ang mga pamantayan sa regulasyon ng TUNAY na ID para sa digital na litrato ay kinikilala na ang ilang mga indibidwal ay maaaring magsuot ng mga takip sa ulo para sa relihiyon o iba pang mga kadahilanan. Gayunpaman, ang nasabing mga takip ay hindi dapat magtago ng mga katangian ng mukha ng isang aplikante o makabuo ng anino. Para sa mga layunin ng litrato, ang mukha ay dapat makita mula sa linya ng buhok hanggang sa baba at pasulong ng mga tainga, at walang anino. Ang regulasyon ng TUNAY na ID ay hindi nangangailangan ng pagkakalantad ng linya ng buhok o mga tainga.

Pagsunod ng Estado

T. Saan makakahanap ang isang estado ng impormasyon tungkol sa TUNAY NA ID na Batas at regulasyon?

S. Ang mga link sa batas ng TUNAY na ID at regulasyon, kasama ang mga dokumento na sumusuporta, ay matatagpuan sa website ng DHS (www.dhs.gov/secure-drivers-license-documentation) Maaari ka ring makipag-ugnay sa Departamento ng Homeland Security sa REALID@HQ.DHS.Gov.

T. Ano ang impormasyon na kailangan ng isang estado para i-sumite sa DHS upang makakuha ng isang DHS na Determinasyon sa Pagsunod?

S. Ang TUNAY NA Regulasyon ng ID (6 C.F.R. Bahagi 37, Pangalawang-Bahagi E) ay detalyado ang impormasyon na dapat isumite ng isang estado sa DHS upang makakuha ng isang Determinasyon ng DHS ng Pagsunod.

T. Saan ba dapat ang mga estado na naghahanap ng isang DHS Determinasyon sa Pagsunod para ipadala nito ang pakete ng sertipikasyon?

S. Inirerekomenda ng DHS na ang mga hurisdiksyon ay magsumite ng parehong papel na kopya at elektronikong kopya.

Koreo: 245 Murray Lane, SW; Mail Stop 0460; NAC 17-02-208-03; Washington, DC 20528

Email: REALID@HQ.DHS.Gov

T. Paano sinusuri ng DHS ang isang pakete ng sertipikasyon ng estado?

S. Susuriin ng DHS ang impormasyon na isusumite ng estado at maaaring magsagawa ng mga pakikipanayam sa mga empleyado ng estado at magsagawa ng mga pag-odit o mga pagsusuri sa site kung kinakailangan. Sa ilang mga kaso, ang DHS ay maaaring gumawa ng Paunang Determination of Hindi Nakakatugon at tukuyin ang anumang mga kakulangan sa programa ng estado para sa pag-iisyu ng mga TUNAY NA ID. Bibigyan ang mga estado ng oras upang iwasto ang anumang mga kakulangan na natukoy ng DHS. Sa sandaling natukoy na ng DHS na ang estado ay nakakatugon sa buong mga kinakailangan ng Batas at pagpapatupad ng regulasyon, mag-iisyu ang DHS ng isang Pangwakas na Determinasyon ng Pagsunod sa estado.

T. Maaari bang ang hurisdiksyon na nakatugon sa mga pamantayan ng TUNAY NA ID na magpapatuloy sa pag-isyu ng mga hindi nakakatugon na TUNAY NA ID na lisensya sa pagmamaneho at pagkakakilanlan na mga kard?

S. Oo. Pinapayagan ng TUNAY NA ID ang mga hurisdiksyon na mag-isyu ng mga kard ng pagkakakilanlan at mga lisensya sa pagmamaneho na hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng Batas. Ang mga lisensyang iyon at mga kard ng pagkakakilanlan, ganunpaman, ay dapat na malinaw na ihayag sa kanilang mukha at sa makina na mababasa sa pook na ang kard ay hindi katanggap-tanggap para sa mga opisyal na layunin.

T. Kung ang aking estado ay nag-isyu ng isang Enhanced Driver's Licenses, ito ba ay sapat na sa aking estado na maging TUNAY na ID na nakakatugon?

S. Ang mga Estado na Enhanced Driver's Licenses (EDL) na itinalaga bilang katanggap-tanggap na mga dokumento na tumatawid sa hangganan ng DHS sa ilalim ng Western Hemisphere Travel Initiative (WHTI) ay katanggap-tanggap para sa opisyal na Pederal na layunin (i.e., pagsakay sa isang komersyal na eroplano, pag-akses sa isang pasilidad ng Pederal, o pagpasok ng nukleyar na planta sa kuryente). Gayunpaman, ang pagkakaroon ng isang EDL ay hindi sapat upang isaalang-alang ang estado na sa pangkalahatang pagsunod sa layunin ng pagtukoy kung ang isang ahensya ng Pederal ay maaaring tumanggap ng isang regular na lisensya sa pagmamaneho ng estado para sa mga opisyal na layunin. Halimbawa, ang isang ahensya ng Pederal ay maaaring tumanggap ng isang EDL na inisyu mula sa isang estado ngunit hindi matanggap ang isang karaniwang lisensya sa pagmamaneho mula sa parehong estado.

T. Bakit ang DHS ay muling pinapasertipiko ang mga estado na natukoy ng sumunod?

S. Ang DHS ay nagpapasya na ang isang estado ay nakakatugon sa pinakamababang mga kinakailangan ng TUNAY NA ID na Batas batay sa mga sertipikasyon na isinumite ng estado sa Kalihim ng Homeland Security. Inutos ng regulasyon ng TUNAY NA ID kung paano gagawin ang mga sertipikasyong ito. Sa partikular, ang regulasyon ng TUNAY na ID ay nangangailangan na ang mga estado ay muling tukuyin ang kanilang pagsunod sa Batas tuwing tatlong taon, sa isang pag-ikot na batayan, tulad ng tinukoy ng DHS.

T. Bakit ang DHS ay nagsertipikong muli sa mga estado na sumusunod sa oras na ito?

S. Inisyu ng DHS ang unang Mga Determinasyon ng Pagsunod para sa mga estado noong Disyembre 2012. Sa panahong iyon, ang mga pangunahing teknolohiya para sa pagpapatunay ng impormasyon ng aplikante ay nasa ilalim pa rin ng pag-unlad. Ang mga teknolohiyang ito ay naikalat mula noon at maaaring masuri ng DHS ang lahat ng mga sumusunod na estado batay sa isang karaniwang hanay ng mga pamantayan at magagamit na mga teknolohiya.

T. Paano ipatutupad ng DHS ang pagsertipikasyong muli ng mga sumusunod na estado?

S. Dalawampu't- tatlong estado ang nakatanggap ng mga DHS Determinasyon na Pagsunod mula 2012 hanggang 2014. Natutugunan ng mga estadong ito ang pamantayan para sa pagsertipikong muli. Itutukoy ng DHS ang dalawampu't- tatlong estado na ito sa isang pag-ikot na batayan. Humigit-kumulang limang estado ay masertipikong muli na paisa-isa. Habang kinukumpleto ng DHS ang isang pagsusuri ng pagsertipikong muli para sa bawat estado, isang karagdagang estado ang pipiliin para sa pagsusuri. Ang prosesong ito ay makumpleto kapag ang lahat ng dalawampu't- tatlong kwalipikadong estado ay inisyuhan ng mga Determinasyon ng Pagsunod. Pagkatapos nito, sisimulan ng DHS ang mga pagsertipikong muli ng mga estado na sumusunod sa TUNAY NA ID tuwing tatlong taon.

T. Paano maaapektuhan ang publiko sa proseso ng pagsertipikong muli?

S. Ang proseso ng pagsertipikong muli ay hindi binabago ang sumusunod na katayuan ng mga estado sa pagsusuri. Ang Pagsertipikong muli ay hindi makakaapekto sa kakayahan ng mga residente ng mga sumusunod na estado na gamitin ang kanilang mga mga TUNAY NA ID sa pagmamaneho at mga ID para sa opisyal na layunin. Kung napag-alaman ng DHS na ang isang estado ay kasalukuyang hindi natutugunan ang lahat ng pinakamababang pamantayan ng TUNAY NA ID na Batas at regulasyon, ang DHS ay masinsinang makipag-ugnayan sa estado upang magbalangkas at ganap na ipatupad ang mga plano ng pagkilos ng pagwawasto upang mapasarado ang mga puwang na ito.

Mga Extension ng Estado

T. Ano ang isang ekstensiyon?

S. Ang mga ahensya ng pederal ay maaaring hindi tumanggap para sa mga opisyal na layunin ng mga lisensya sa pagmamaneho at mga kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng mga estado na hindi nakakatugon sa mga iniaatas ng TUNAY NA ID na Batas. Gayunpaman, pinapayagan ng Batas ang Kalihim ng Homeland Security na magbigay ng ekstensiyong oras upang matugunan ang mga kinakailangan sa TUNAY na ID sa mga estado na nagbibigay ng sapat na katwiran para sa hindi pagsunod. Maaaring tanggapin ng mga ahensya ng pederal para sa mga opisyal na layunin ng mga lisensya sa

pagmamaneho at mga kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng mga hindi sumunod na estado na nabigyan ng mga ekstensiyon ng DHS.

T. Gaano kahaba ang itatagal ng isang ekstensiyon?

S. Ang haba ng isang ekstensiyon ay natutukoy sa pagpapasya ng Kalihim.

T: Bakit ang karamihan sa mga estado ay tumatanggap ng mga ekstensiyon nang mas mababa sa 12 buwan?

S: Lahat maliban sa apat na 56 na estado / teritoryo ay mag-iisyu ng mga TUNAY NA ID na nakakatugon na lisensya / ID sa unang bahagi ng 2019 at hindi na kailangan ng isang buong taon upang makamit ang buong pagsunod sa lahat ng mga kinakailangan sa TUNAY na ID.

T. Ano ang mangyayari kapag ang ekstensiyon ng estado ay wala ng bisa?

S. Kapag ang ekstensiyon ng isang estado ay wala ng bisa, ang estado ay sumasailalim sa pagbabawal sa batas laban sa pagtanggap ng Pederal para sa mga layunin ng Pederal ng mga lisensya sa pagmamaneho ng estado at kard ng pagkakakilanlan. Gayunpaman, maaaring bigyan ng Kalihim ang mga estado ang mga ekstensiyong walang bisa na ng isang maikling "panahon na palugit" bago simulan ng mga ahensya ng Pederal na mga aksyon ang pagpapatupad ng TUNAY NA ID sa mga nukleyar na planta sa kuryente, mga pasilidad ng Pederal, kasama ang mga himpilan ng militar, at mga komersyal na eroplano. Ang mga estado na hindi nakatanggap ng isang ekstensiyon ay napapailalim sa TUNAY NA ID na Pagpapatupad sa Enero 22, 2019.

T. Paano matukoy ng DHS kung igagawad ba na makapag-ekstensiyon ang hurisdiksyon?

S. Isasaalang-alang ng DHS ang mga sumusunod na kadahilanan sa pagtukoy kung ang isang estado ay nagbigay ng sapat na katwiran para sa hindi pagsunod:

1. May pinakamataas na antas ng opisyal na antas ng ehekutibo ng estado na nangangasiwa sa Pagmamaneho na Naglilisensyang Awtoridad ng estado na nakatuon upang matugunan ang mga pamantayan ng TUNAY NA ID na Batas at pagpapatupad ng regulasyon;

2. Naitala ng estado: ang katayuan ng pareho at hindi nakatugon na mga kinakailangan; mga plano at milyahe para sa pagtugon sa mga hindi nakatugon na mga kinakailangan; at isang target na petsa para sa simula ng mag-isyu ng mga dokumento na nakasunod na TUNAY NA ID;

3. Nakikilahok ba ang estado sa mga pana-panahong mga pagsusuri patungkol sa pag-unlad sa DHS sa katayuan ng mga hindi nakatugon sa mga kinakailangan?

T. Ang ekstensiyon ba ay maaring ipabagong muli?

S. Ang mga ekstensiyon ay mababago sa pagpapasya ng Kalihim kung ibinigay ng estado ang sapat na katwiran para sa patuloy na hindi pagsunod. Ang pagbagong muli ay hindi awtomatiko. Ang mga ekstensiyon ay mapabagong muli lamang kung ang estado ay nagpapakita ng patuloy na pag-unlad sa pagtugon sa mga pamantayan ng TUNAY na ID.

Pagpapatupad ng Estado

T. Sa anong punto ng proseso ng aplikasyon na ang estado ay dapat makakuha ng imahe ng aplikante?

S. Dapat makuha ng mga Estado ang imahe ng aplikante sa simula ng proseso ng paglilisensya kapag nagsumite ang aplikante ng isang nakumpletong aplikasyon sa isang kinatawan ng Departamento ng Motor Vehicles (DMV) para sa pagproseso. Kung sa anumang oras sa panahon ng pagproseso ng aplikasyon ay may pinaghihinalaang pandaraya, dapat gawin ng DMV ang bawat pagtatangka upang makuha ang imahe ng aplikante kung ang isang nakumpletong aplikasyon ay isinumite para sa pagproseso.

T. Kailangan ba ng TUNAY NA ID na Batas ang isang aplikante na nagsusuot ng isang takip sa ulo para sa relihiyosong mga kadahilanan upang baguhin o tanggalin ang takip ng ulo para ang ang lisensya ng pagmamaneho o pagkakakilanlan ng litrato ng kard ay nagpapakita ng kanilang buhok o tainga?

S. Hindi. Ang mga pamantayan sa regulasyon ng TUNAY na ID para sa digital na litrato ay kinikilala na ang ilang mga indibidwal ay maaaring magsuot ng mga takip sa ulo para sa relihiyon o iba pang mga kadahilanan. Gayunpaman, ang nasabing mga takip ay hindi dapat magtago ng mga katangian ng mukha ng isang aplikante o makabuo ng anino. Para sa mga layunin ng litrato, ang mukha ay dapat makita mula sa linya ng buhok

hanggang sa baba at pasulong ng mga tainga at walang mga anino. Ang regulasyon ng TUNAY na ID ay hindi nangangailangan ng pagkakalantad ng linya ng buhok o mga tainga.

T. Ang isang aplikante ba ay kailangang magbigay ng dokumentasyon ng lahat ng dating mga pangalan kung ang pangalan sa mga dokumento ng mapagkukunan ng pagkakakilanlan - e.g., sertipiko ng kapanganakan - ay naiiba sa kasalukuyang legal na pangalan na ipapakita sa bagong lisensya o pagkakakilanlan na kard upang ma-isyu?

S. Ang aplikante ay dapat magpakita ng mapagkikilanlan ng pangalan, i.e., isang koneksyon sa pagitan ng pangalan na ipinakita sa pinagmulan ng dokumento at ang pangalan na hiniling upang ma-isyu sa dokumento. Ang mga estado ay maaaring pumili ng mga uri ng dokumentasyon na dapat ipakita ng mga indibidwal bilang katibayan ng pagkakalinlan nito. Ang mga indibidwal ay hindi kailangang magbigay ng isang kumpletong listahan ng lahat ng mga pangalan na maaaring ginamit nila dati.

T. Anong mga pag-uuri ng mga dayuhan ang karapat-dapat para sa mga buong-termino na sumusunod na lisensya sa pagmamaneho?

S. Ang mga dayuhan na legal na tinanggap para sa permanente o pansamantalang paninirahan, ang mga dayuhan na may kondisyon ang permanenteng katayuan sa residente, mga dayuhan na may isang aprubadong aplikasyon para sa asilo, at mga dayuhan na pumasok sa Estados Unidos bilang mga takas ay karapat-dapat para sa isang buong-termino na lisensya ng TUNAY NA ID o kard ng pagkakakilanlan.

T. Paminsan-minsan ang isang dayuhan ay maaaring magpakita ng isang dokumento na ang mukha nito ay may petsa ng pagkawala ng bisa na lumipas na, subalit ang dokumento ay pinahaba ng DHS at dapat isaalang-alang na hindi ito nawalan ng bisa. Maaari bang tanggapin ng isang estado ang isang dokumento sa ilalim ng mga sitwasyong ito?

A. Sa ngayon ang sitwasyong ito ay limitado sa mga indibidwal na nag-aplay para sa / o nabigyan ng Temporary Protected Status (TPS), na ang Form I-766 Employment Authorization Documents (EADs) ay napapailalim sa isang "awtomatikong ekstensiyon"

ng DHS. Ibinibigay ng DHS ang "awtomatikong mga ekstensiyon" - karaniwang anim na buwan - sa sitwasyong ito sa pamamagitan ng isang paunawa ng Pederal na Rehistro. Ang paunawa ng Pederal Rehistro ay nagsasama ng impormasyon tungkol sa kung paano matukoy ang mga EAD na sumasailalim sa ekstensiyon at nagbibigay ng bagong petsa ng pagwawakas ng bisa para sa mga EAD na ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TPS, bisitahin ang webpage ng TPS ng Citizenship and Immigration Services [TPS webpage](#).

T. Maaari bang maibago ang isang lisensya na "Pansamantala" o "Limitadong Termino na malayo"?

S. Hindi. Pansamantala o limitadong termino na mga lisensya at mga kard ng pagkakakilanlan ay kailangang maibago nang personal at sa paglalahad at pagtitiyak ng balidong dokumentaryo na katibayan na ang pagpapatupad ng pansamantalang katayuan ay may bisa pa rin o na ang indibidwal ay may katayuang naaayon sa batas sa Estados Unidos.

T. Paano ba dapat markahan ang “ Pansamantala” o “ Limitadong Termino” na lisensya?

S. Ang pansamantala at limitadong termino na mga kard ay kailangan na parehong malinaw na ipakita na nasa mukha nito at nasa makinang mababasa na pook na sila ay pansamantala at isama ang petsa ng pagwawakas ng bisa.

T. Ano ang layunin ng isang proseso ng eksepsyon?

S. Kinikilala ng DHS na ang bawat hurisdiksyon ay natatangi at nangangailangan ng kakayahang umangkop upang maiangkop ang isang proseso ng eksepsyon para matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan at kalagayan. Ang isang proseso ng eksepsyon ay tumutulong sa mga estado na matugunan ang mga natatanging sitwasyon kung saan ang mga indibidwal, para sa mga kadahilanan na hindi makontrol, ay hindi maipakita ang isa o higit pa sa mga dokumento ng pagkakakilanlan na nakalista sa mga regulasyon. Halimbawa, alinsuond ng isang natural na kalamidad, para sa mga kadahilanan na hindi kontrolado ng isang tao, ang mga dokumento na kinakailangan upang maitaguyod ang pagkakakilanlan at katayuang naaayon sa batas ay maaaring hindi na madaling makuha o makamit. Sa mga nasabing kaso, ang mga estado ay maaaring kailanganing umasa sa mga kahaliling dokumento upang mapatunayan ang kanilang pagkakakilanlan o pagka-mamamayan sa U.S..

T. Dapat bang ipaalam ng mga estado sa DHS kapag binago nila ang kanilang proseso ng eksepsyon?

S. Naiintindihan ng DHS na may mga pangyayari na maaaring mangailangan ng pag-unlad o pagbabago sa proseso ng mga eksepsyon ng estado kasunod ng sertipikasyon. Sa mga nasabing kaso, kailangan lamang mag-ulat ang isang estado sa DHS ang bago o binagong proseso nito kapag ang DHS ay nagsasagawa ng isang pana-panahong proseso ng pagsertipikasyon sa pagsunod.

T. Dapat bang masuri ng mga estado ang isang independiyenteng laboratoryo na suriin ang mga pisikal na katangian sa seguridad ng kanilang mga lisensya sa pagmamaneho o pagkakakilanlan na kard?

S. Hindi. Ang mga estado ay dapat gumamit ng maraming antas ng mga katangian ng seguridad para sa pagtuklas ng mga maling kard, at magsumite ng ulat sa DHS na nagpapahiwatig ng kakayahan ng disenyo ng kard upang labanan ang kompromiso at pandaraya sa dokumento. Gayunpaman, hindi kinakailangan ng isang estado na umarkila ng isang independiyenteng laboratoryo upang masuri ang mga dokumento o maghanda ng isang ulat.

T. Paano ba dapat markahan ng mga estado ang mga lisensyang di-sumusunod upang ang mga tagasuri ay madaling makilala sa pagitan ng mga katanggap-tanggap at hindi katanggap-tanggap na mga inisyu ng estado na mga lisensya ng pagmamaneho ng lisensya o pagkakakilanlan na kard?

S. Bagaman inirerekumenda ng DHS na ang mga estado ay tanggapin ang pangkalahatang pagmamarka ng disenyo (aka "gintong bituin"), bawat REAL ID Security Plan Guidance Handbook, ang mga estado ay maaaring magsumite para sa pagsusuri sa DHS at pag-apruba ng mga alternatibong pamamaraan ng pagmamarka ng mga dokumento upang malinaw ang pagkakaiba ng isang sumusunod na kard mula sa isang hindi sumusunod na kard. Ang mga pamamaraang iyon ay maaaring isama ng mga pagkakaiba-iba sa kulay, sulat, at / o ayos.

T. Sa muling pagpabago ang mga aplikante ba kay kinakailang magsumite ulit ng kahit anong mga dokumento na kinakailangan sa kapanahunan ng paunang aplikasyon?

S. Maliban sa mga may-ari ng pansamantala o limitadong termino na lisensya o mga kard ng pagkakakilanlan, ang mga aplikante na nagpapanibago ng kanilang mga lisensya o mga kard ng pagkakakilanlan ay hindi kailangang magsumite muli ng mga dokumento ng mapagkukunan ng pagkakakilanlan maliban kung mayroong isang materyal na pagbabago sa anumang personally identifiable information (PII) mula pa naunang maisyu.

T. Ano ang maituturing na isang pagbabago sa materyal ng Personally Identifiable Information (PII)?

S. Kasama sa pagbabago ng materyal ang anumang pagbabago sa PII ng isang indibidwal, na tinukoy sa mga regulasyon upang isama ang impormasyon para maipakita ang pagkakakilanlan, petsa ng kapanganakan, o numero ng socia security, pati na rin ang impormasyong lilitaw sa mga database o sa makinang nababasa na teknolohiya ng lisensya o pagkakakilanlan na kard. Sa kabila ng kahulugan ng PII, ang pagbabago ng materyal ay hindi kasali ang pagbabago ng tirahan ng pangunahing tirahan.

T. Maaari bang mag-isyu ang mga estado ng isang dobleng TUNAY NA ID nang malayuan?

S. Oo. Ang mga estado ay maaaring gumamit ng mga malalayong pamamaraan upang muling mag-isyu ng isang dobleng kard - isang kard na nagdadala ng parehong impormasyon at petsa ng pagkawala ng bisa bilang orihinal na kard - hangga't walang materyal na pagbabago sa PII na may hawak ng kard mula pa noong naunang pag-isyu at ang dokumento ay nagdadala ng parehong petsa ng pag-expire bilang ang orihinal na dokumento. Maaaring pumili ng mga estado na muling patunayan ang SSN ng isang aplikante at naaayon na katayuan sa batas kapag nag-iisyu ng isang doble na lisensya sa pagmamaneho o pagkakakilanlan na kard.

T. Kung kinopya na ng isang estado ang mga dokumento ng mapagkukunan ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal, impormasyon sa social security, at patunay ng dating tiragan bago ang buong pagsunod, kailangan bang isumite ng indibidwal ang mga parehong dokumento nang nag-aaplay para sa isang sumusunod na lisensya sa unang pagkakataon?

S. Naunawaan ng DHS na ang ilang mga estado ay maaaring kasalukuyang nangangailangan ng paglalahad, pagpapatunay, at pagpapanatili ng mga dokumento ng mapagkukunan ng pagkakakilanlan, impormasyon sa social security, at patunay ng tirahan sa isang paraan na nakakatugon sa pinakamababang pamantayan sa regulasyon. Kasama rin dito ang pagtugon sa pinakamababang pamantayan para sa mga tseke sa background ng empleyado, pagsasanay sa pagkilala ng mapaglinlang na dokumento, at impormasyon sa seguridad at mga kinakailangan sa imbakan. Ang mga estado nakasunod na sa mga pamantayang ito ay hindi kinakailangan ng mga aplikante na muling isumite ang mga dokumento ng mapagkukunan ng pagkakakilanlan sa paunang aplikasyon para sa isang sumusunod na dokumento.

T. Ang New York, Vermont, Michigan, Minnesota at Washington ay kasalukuyang nag-iisyu ng "pinahusay na mga lisensya sa pagmamaneho" (EDL) na itinalaga ng Kalihim ng Homeland Security bilang katanggap-tanggap na makapasok sa Estados Unidos sa mga pasukan ng lupain at pantalan ng dagat alinsunod sa Western Hemisphere Travel Travel Initiative (WHTI). Natatanggap ba ang mga EDL para sa opisyal na pederal na layunin tulad ng pagsakay sa isang komersyal na eroplano?

S. Oo. Ang Estado EDLs ay nagtalaga ng katanggap-tanggap na hangganan-na pangtawid na mga dokumento sa ilalim ng WHTI para sa opisyal na pederal na layunin tulad ng pagsakay ng komersyal na eroplano o pagpasok ng pederal na pasilidad.